VF0334

IWASAN ANG RABIS

Maging P.R.O. DOG

Pinoy Responsible Owner of Dog

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na may mataas na kaso ng rabis. Tinatayang mga 350-400 Pilipino ang namamatay dahil sa rabis taun-taon.

ANO ANG RABIS?

Ang RABIS ay isang mapanganib na sakit na nakakahawa at nakamamatay. Ito ay sanhi ng mikrobyo na nakukuha sa laway ng hayop na may rabis.

Ito ay naililipat sa tao sa pamamagitan ng kagat ng hayop na may rabis, karaniwan ay aso, o kapag nalagyan ng laway ng hayop na may rabis ang sariwang sugat o gasgas.